REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-27**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAG-AAKREDITA NG MGA KUWALIPIKADONG NON-GOVERNMENTAL ORGANIZATIONS, PEOPLE'S ORGANIZATION AT PRIBADONG SEKTOR UPANG MAKIBAHAGI SA PAMAHALAANG LOKAL AT SA PAGSANIB SA MGA TANGING LUPONG PAMBAYAN (LOCAL SPECIAL BODIES).**

*****************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Arturo S. Bunyi

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng bagong Kodang Lokal na ang mga Non-governmental Organizations, People's Organization at pribadong sektor ay may malaking bahagi sa pagbalangkas ng gawain at programa ng pamahalaang lokal para sa makabuluhang pagsasarili ng mga ito;

**SAPAGKAT,** upang makamit ang layuning ito nararapat lamang na ang mga Non-governmental Organizations, People's Organization at pribadong sektor na pumasa sa pamantayang ipinatutupad ng Sangguniang Bayan ay mabigyan ng akreditasyon;

**SAPAGKAT,** ang paghawak o pagiging kasapi ng mga Tanging Lupong Pambayan ay lubhang maselan at kailangan ng dedikasyon ng sinumang mapipili sa mga ito;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ay inatasan upang magsagawa ng masusing pag-aaral sa mga kuwalipikasyon ng mga nabanggit na samahan at napatunayang ang ilan sa mga ito ay may sapat na kaangkinan upang mabilang sa talaan ng pagpipilian.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagsasaad ng pag-aakredita ng mga kuwalipikadong non-governmental organizations, people's organizations at pribadong sektor upang makibahagi sa pamahalaang lokal at sa pagsanib sa mga Tanging Lupong Pambayan (Local Special Bodies).

**PINAGTIBAY** ng buong pagkakaisa ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-18 regular na pulong na ginanap noong ika-16 ng Nobyembre, 1992 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
KOnsehal

KGG. REY B. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Punongbayan